

Message

Secretary Rosalinda Dimapilis-Baldoz

Workers in the Informal Economy Labor Day Celebration

18 May 2016

Ichikawa Hall, Occupational Safety and Health Center, Diliman, Quezon City

Magandang araw sa inyong lahat. Isang mainit na pagbati ang aking ipinaabot sa ating mga kasamahan sa sektor na impormal sa okasyong ito na ating ipinagdiriwang bilang Araw ng Paggawa para sa mga ating mga manggagawa sa impormal na ekonomiya.

Ako po ay lubos na nagagalak na makibahagi sa taunang Araw ng Manggagawa sa Informal Economy kung kailan ating kinikilala ang inyong napakahalagang ambag sa ating pambansang ekonomiya at sa patuloy nating pagsulong bilang isang bansa.

Dalawa pong mahahalagang dahilan kung bakit sinikap kong makasama kayo sa araw na ito. Una po ay nais ko pong magpugay sa inyo bilang Kalihim ng Kagawaran sa huling mga araw ng administrasyon ng ating mahal na Pangulo Benigno S. Aquino III. Alam naman po ninyo na tanging sa panahon ng panunungkulan ng Pangulong Aquino III ganap na nabigyan ng tunay na pagpapahalaga at pagkilala ang mga manggagawa sa informal economy, at patunay nga nito ay ang Araw na ito, na dati ay para lamang sa mga manggagawa sa pormal na sektor, ngunit ngayon ay apat na taon nang sunod na ating ipinagdiriwang.

Pangalawa po ay nais kong samantalahin ang pagkakataon upang maibahagi ko po sa inyo ang mga kaganapan sa ating rehiyon dito sa Timog Silangang Asya kung saan bahagi po ang Pilipinas. Ang layunin ko po ay madagdagan ang inyong kaalaman ukol sa mga inisyatiba ng mga bansang kasapi ng ASEAN sa kanilang pagsisikap na higit na maitaas ang kalagayan at kabuhayan ng mga manggagawa sa

sektor na impormal sa kani-kanilang bansa. Inisip ko po na baka may mapupulot tayong aral sa kanilang ginagawa at gamitin din natin ang mga ito dito sa Pilipinas.

Kararating ko lang po kahapon mula sa Vientiane, Lao People's Democratic Republic kung saan dumalo po ako sa ika-24 na ASEAN Labour Ministers Meeting. Tatlong araw po ako sa Lao PDR at naka-ugnayan ko po sa 24th ALMM ang siyam pang ibang ministro ng paggawa mula sa Brunei Darussalam; Cambodia, Indonesia; Lao PDR; Malaysia; Myanmar; Singapore; Thailand; at Vietnam.

Napapanahon po at akma para sa mga manggagawa sa sektor na impormal sa ating bansa at sa rehiyong ASEAN ang temang pinili ng Lao PDR bilang punong abala sa 24th ALMM. Ang tema po ay, “ *Transition from Informal Employment to Formal Employment towards Decent Work Promotion in the ASEAN*”. Ang tema pong ito ay bahagi ng tuloy-tuloy na pagkilos pasulong ng ASEAN sa direksyon tungo sa adyenda ng pagtawid ng mga manggagawa mula sa pagiging impormal papunta sa pagiging pormal.

Doon po sa 24th ALMM, nagkaroon ng malawak na diskusyon at palitan ng kuro-kuro sa kalagayan ng mga manggagawang impormal, at bawat bansa po, kabilang ang Pilipinas, ay nakilahok sa malayang bahaginan ng kani-kanilang karanasan at istrategiya kung papaanong isinasakatuparan ng bawat bansa ang kanilang ispisipekong mithiin na mabigyan ng proteksyon ang kanilang mga manggagawang impormal, maibsan ang kanilang vulnerabilities, at maitawid sila sa sektor na pormal kung saan disente ang kanilang trabaho at natatamasa nila ang mga benepisyo sa pasuweldo at occupational safety and health sang-ayon sa isinasaad ng batas-paggawa at ibayo ang kanilang proteksyon na lalong magtataas sa kanilang productivity at magpapalakas sa kanilang kakayahan na makipagkumpetensya o makipagsabayan sa kanino man, at makapag-ambag sa kani-kanilang pambansang ekonomiya.

Marami pong napagkasunduan ang mga ASEAN Labor Ministers doon sa Vientiane, at isa po dito ay ang pag-amin na kailangan talagang tugunan ang informality at tukuyin kung sino ang kabilang sa informal sector upang maging maayos ang mga plano ng mga programa at polisiya. Halimbawa po sa Lao PDR kung saan 65 porsiyento ang informal sector workers, sinabi po ng kanilang Ministro sa Paggawa na kailangan ng mga manggagawa sa informal economy ang magkaroon ng access sa training, edukasyon sa mga batas paggawa, at social security benefits.

Sa Brunei Darussalam at Cambodia naman po, sinisikap ng mga pamahalaan sa naturang mga bansa na makapaglikha ng pro-business environment sa pamamagitan ng pagpapabilis at pagpapaikli ng business licensing process. Nagbibigay po ang Cambodia ng insentibo sa mga negosyong impormal sakaling lumipat sila sa pagiging pormal. Ang Thailand naman po ay nagtatag ng Fund for Home Workers para sa mga maliliit na negosyong nakabase sa tahanan at hirap maka-access sa bangko. Para po magkaroon sila ng social security benefits, binuksan po ng Thailand ang isang boluntaryong iskema ng paghuhulog ng premium kagaya ng programang ALKANSSYA ng ating Social Security System. Sa Vietnam kung saan halos 37 milyon ang informal sector workers, ang tugon po ng pamahalaan doon ay ang pagsasabatas ng polisiya at regulasyon sa pagi-empleyo, social security, edukasyong vocational, at pagsasanay.

Sa akin pong pananalita sa 24th ALMM, ibinahagi ko rin po ang karanasan ng Pilipinas sa pagsasaayos at pagtugon sa impormalidad sa ating bansa. Inilatag ko rin ang ating mga polisiya, istrategiya, at mabubuting ginagawa upang makamit natin ang mithiing disenteng trabaho para sa mga manggagawa sa informal economy. Ilan dito ay ang pagbibigay ng seguridad; pagpapabuti sa kondisyon sa paggawa; access sa mga social protection services, at higit na makabuluhang partisipasyon ng mga ahensya ng gobyerno o social dialogue lalo na sa mga lokal na pamahalaan. Binanggit ko po doon na isa sa mga nailunsad nating diyalogo sa mga manggagawang sektoral ay ang pagsasagawa ng Assessment-based

National Dialogue (ABND) sa pakikipagtulungan ng International Labor Organization.

Marahil ay alam naman po ninyo na sa pamamagitan nito ay ating sinuring mabuti ang ang kasalukuyang sistema ng social protection ng bansa at kinalap ang iba't-ibang rekomendasyon mula sa mga ahensya ng gobyerno, civil society organizations, at hanay ng mga kumpanya at manggagawa. Nai-presenta na natin ang resulta ng ABND sa Human Development Poverty Reduction Cluster gabinete at isinaayos na natin ang ilang detalye upang mailunsad na natin ito nang opisyal.

Nais kong ipabatid sa inyo ngayon ang ilang sa mga batayang rekomendasyon mula sa ABND na tutugon sa mga pangangailangan ng sektor na informal:

- (1) Pagbibigay ng 30 porsiyentong subsidy sa PhilHealth para sa mga vulnerable informal sector workers;
- (2) Pagpapalawig ng benepisyo at eligibility requirements sa ilalim ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program;
- (3) Pagbibigay ng 30 porsiyentong subsidy sa premium sa SSS sa mga manggagawa sa impormal na sektor; at
- (4) Paglulunsad ng mga one-stop shop para sa mga programa at serbisyo sa social protection. Aking hinihiling na inyong suportahan ang mga programa at serbisyo sa social protection upang ating matiyak na isusulong ito sa susunod na administrasyon.

Kasabay ng pagtanggap sa ILO Recommendation 204 noong 2015 International Labor Conference, nabigyan na nang malaking importansya ang pagkakaroon ng mga polisiya at programa na makakatulong sa mga manggagawa sa impormal na ekonomiya upang mai-angat ang kanilang kabuhayan.

Nailunsad na rin natin ang *Sustainable Livelihood Framework* ng DOLE na gagabay sa mga piling proyektong pangkabuhayan ng mga manggagawa sa

ekonomiyang impormal at palakasin ang kanilang kakayahan sa pagni-negosyo. Sa patuloy nating pagtutulungan, hindi imposible na ating makamit ang disenteng kabuhayan para sa nakakarami nating kababayan.

Doon po sa 24th ALMM, sinabi ko po ang ganito:

“Informal employment is a serious but important dimension of the Philippine labor market. The informal economy in the country consists of self-employed, own-account, and unpaid family workers, the bulk of whom are found in the agriculture sector followed by services. Informal economy accounted for 61 percent, or almost P4 billion, of the country’s GDP in 2015.

“Over a period of 10 years, the proportion of self-employed and unpaid family workers in total employment has tapered off from 44.8 percent in 2005 to 38.4 percent in 2014. In July 2015, the number of self-employed and unpaid family workers declined to 13.143 million, from 14.750 million in July 2014, and its proportion further fell to 34.3 percent from 38.4 percent.

“This declining trend is positive because it is accompanied by growth in the share of wage and salaried workers.”

Ipinagmalaki ko po doon na unti-unti na nating nakikita ang bunga ng ating pagsisikap, at iyan ay dahil patuloy tayong nagtutulungan at nakikiisa sa pamahalaan.

Ilan lamang po ito sa napakaraming napagusapan sa 24th ALMM, na amin pong inilatag sa Vientiane Declaration on Transition from Informal Employment to Formal Employment Towards Decent Work Promotion in ASEAN. Hinihimok ko po ang mga lider ng mga informal sector organization na narito ngayon na inyo pong basahin ang naturang dokumento na nasa website ng ASEAN at pag-usapan sa

inyong hanay kung papaanong ang mga nilalaman nito ay makakatulong sa pagpapalago ng ating kaalaman sa informal economy.

Mahalaga po na bigyan nating pansin ang tema ng ating pagdiriwang, *‘Pagyamanin ang Kaalaman Tungo sa Maunlad at Disenteng Kabuhayan’*. Naaangkop, napapanahon, at tumutugon ang temang ito sa pangangailangan ng ating mga manggagawa sa sektor na impormal. Katulad po ninyo, ako po ay naniniwala na nararapat nating isaalang-alang ang pangunahing layunin ng ating pamahalaan na lalo pang palawigin ang kaalaman at kasanayan ng mga manggagawa sa impormal na ekonomiya upang makamit ng nakararami ang disenteng trabaho at kabuhayan. Sa pagtatapos ng administrasyon ng ating Pangulong Benigno S. Aquino III, nawa’y ang adhikaing ating nasimulan na sumisentro sa sabay-sabay nating pag-unlad at walang dapat maiwan sa laylayan, o ang tinatawag nating inclusive growth, ay atin nang matamasa.

Bilang panghuli, hangad ko po na kahit hindi na po ako ang Secretary of Labor and Employment sa Hulyo 1, atin pong patuloy na itaguyod ang magagandang simulain na ating inumpisahan, at isaayos naman po ang dapat pang ayusin.

Atin pong pakatandaan na kayong mga manggagawang Pilipino, higit sa lahat kayo na nasa impormal na sektor, ang pangunahing dahilan kung bakit naririto ang DOLE. Kayo po ang aming inspirasyon sa patuloy naming pagpupursigi upang maihatid ang mga nararapat na programa at serbisyo.

Naniniwala kami na ang ating mga manggagawa ang may kakayahan na lumikha ng yaman tungo sa pag-unlad ng ating bayan at makamit din nating lahat ang ating inaasam-asam na pag-ahon sa kahirapan lalo na kung patuloy tayong nabibigkis ng matibay na hibla ng pagkakaisa.

Bilang pangwakas, gusto ko pong samantalahin ang pagkakataong ito na taos sa pusong magpasalamat sa inyo sa patuloy ninyong pakikiisa at pakikilahok sa mga programa ng DOLE sa loob ng anim na taong singkad. Sa kaniyang mandato, ang DOLE ay nakahandang umagapay sa inyo sa lahat ng oras. Hindi po natin sisirain ang inyong pagtitiwala.

Mabuhay po tayong lahat at God bless.

END